
ISSN 2244-4351
NO. 02-2017 . FILIPINO

PCC INFO COMICS

# PAGPAPAHIRAM NG BULUGANG KALABAW





Ang babasahing ito ay binuo upang mailahad namin sa inyo ang mga impormasyon ukol sa “Pagpapahiram ng Bulugang Kalabaw” o Bull Loan Program. Sa pamamagitan ng programang ito ay mapauunlad ang lahi at uri ng mga kalabaw.

Umaasa kami na magpapatuloy ang inyong pakikiisa at pagsuporta sa programang pagpapaunlad ng lahi ng mga kalabaw bilang isang paraan upang mapataas ang antas ng ating pamumuhay.


**Arnel N. Del Barrio**
Executive Director


Pangatlong Edisyon 2017 | Philippine Carabao Center ©

Babasahing ginawa ng Knowledge Management Division na kinabibilangan nina: Eric P. Palacpac | Rowena Galang-Bumanlag | Ma. Cecilia C. Irang | Khrizie Evert Marcelo-Padre | Chrissalyn L. Marcelo | Mervalyn O. Tomas | Charlene P. Corpuz

Mga Sumulat ng Iskrip: Joahna G. Goyagoy | Khrizie Evert M. Padre


Mga Technical Editor: Annabelle S. Sarabia | Eulogio M. Montealto



SA ISANG NAYON SA PROBINSYA NG NUEVA ECIJA, PAYAPANG NANINIRAHAN ANG MAG-ASAWANG SINA JOSE AT SONIA. ANG TANGING PINAGKAKAKITAAN NILA AY ANG PAGSASAKA KATULONG ANG KANILANG MGA KALABAW.


SONIA PUPUNTA NA AKO SA BUKID AT IPAPASTOL KO ANG ATING MGA KALABAW.
SIGE, DALHIN MO NA RIN ITONG BAON MONG TUBIG AT PAGKAIN.
SALAMAT, SONIA.


SA PASTULAN, NATANAW NI PEDRO SI JOSE NA KASALUKUYANG NAGPAPASTOL NG KANYANG MGA ALAGANG KALABAW.
MAGANDANG UMAGA, PARE. IKAW TALAGA ANG SADYA KO.
MAGANDANG UMAGA DIN, PARE, NAPASYAL KA?


NABALITAAN KO KASI ANG TUNGKOL SA MGA KALABAW MO. TUNAY NGA NA MAGAGANDA, MALALAKI AT MATITIKAS. IBIG KO SANANG MALAMAN KUNG PAANO KA NAGKAROON NG MGA GANYANG KALABAW.
DAHIL ITO SA BULUGAN NA IPINAHIRAM NG PHILIPPINE CARABAO CENTER, PARE. MAY LAHI ANG MGA ITONG MURRAH NA KABILANG SA LAHING GATASAN.
GANUN BA PARE? ANO BA ANG KAIBAHAN NITO SA KATUTUBONG KALABAW NA GAYA NG INAALAGAAN KO?
KAPAG MURRAH ANG BULUGAN AT KATUTUBO ANG INAHIN, ANG MAGIGING MGA ANAK NILA AY MAS MATAAS ANG LAHI AT URI KUMPARA SA MGA KATUTUBO NATING MGA KALABAW. KAGAYA NG DALAWANG ITO, MATITIKAS AT MALALAKI. KUNG BABAE ANG ANAK AY MAINAM GAMITIN SA PAGGAGATAS SAMANTALANG KUNG LALAKI AY DAPAT NA KAPUNIN UPANG HINDI NA MAGAMIT SA PAGPAPALAHI.
ABA, MAGANDA 'YAN A! MAAARI AKONG MAGKAROON NG DAGDAG NA KITA MULA SA PAGGAGATAS.
TAMA KA PARE! DAHIL NGA, ANG BULUGANG MURRAH AY MAAARING GAMITIN PARA SA PAGPAPALAHI SA KATUTUBONG KALABAW, ANG MAGSASAKANG NAG-AALAGA SA BULUGAN AY MAAARING KUMITA SA SERBISYONG ITO.



PAANO NAMAN AKO MAGKAKAROON NG GANYANG KLASE NG KALABAW?
PROGRAMA ITO NG GOBYERNO PARA SA PAGPAPAUNLAD NG LAHI NG ATING KALABAW. ANG PCC ANG SIYANG NAATASANG ISAKATUPARAN ANG PROGRAMA SA PAGPAPAHIRAM NG MGA BULUGANG DAIRY-TYPE O GATASANG LAHI SA MGA PILING MAGSASAKA.
TAMANG-TAMA PARE! MAY IBA PA AKONG KILALANG MAGSASAKA NA MAY ALAGANG KALABAW DING TULAD KO AT NAIS DIN NILANG MAGKAROON NG MAGAGANDANG LAHI NG KALABAW. MAAARI MO BA KAMING TULUNGAN NA MAKASALI SA PROGRAMANG IYAN, PARE?
ABA, OO NAMAN, PARA MARANASAN NYO RIN ANG KAGANDAHANG DULOT NG KALABAW NA GANITO! SASAMAHAN KITA SA PCC NGAYON PARA MAS MAINTINDIHAN MO ANG PROGRAMANG TINUTUKOY KO.
NAKU MAAABALA PA KITA?
WALANG ANUMAN 'YON PARE. ANG MAHALAGA, MAIBAHAGI KO SA MGA KAPWA KO MAGSASAKA ANG BIYAYANG DULOT NG PROGRAMANG ITO.
SINAMAHAN NI JOSE SI PEDRO SA PUNONG TANGGAPAN NG PCC SA SCIENCE CITY OF MUÑOZ.
MAGANDANG UMAGA PO, GINOONG ALFONSO. ISINAMA KO PO ITONG KUMPARENG PEDRO KO NA TAGA KABILANG NAYON. MAY NAIS SIYANG ITANONG SA INYO.


MAGANDANG UMAGA RIN PO SA INYO. ANO PO ANG MAIPAGLILINGKOD NAMIN SA INYO KA PEDRO? MAUPO PO MUNA KAYO.
MAGANDANG UMAGA PO. MANGYARI PO AY NABANGGIT NITONG SI PARENG JOSE ANG PROGRAMA UKOL SA PAGPAPAHIRAM NG BULUGANG KALABAW. GUSTO KO PO SANANG LUBOS NA MAUNAWAAN ANG TUNGKOL DITO.
GANUN PO BA? ANG PROGRAMANG ITO AY TALAGANG INILUNSAD NG KAGAWARAN NG PAGSASAKA SA PAMAMAGITAN NG PCC PARA MAPABILIS ANG PAGPAPA-UNLAD NG LAHI NG KALABAW SA MGA BARANGAY NA HINDI NAAABOT NG SERBISYONG ARTIFICIAL INSEMINATION O AI. ITO AY MAGAGAWA SA PAMAMAGITAN NG PAGPAPAHIRAM NG BULUGANG MAY MATAAS NA LAHI.
PAANO PO BA KAMI MAGIGING KALAHOK SA PROGRAMANG ITO?ANO PO BA ANG MGA KWALIPIKASYON?
ANG MGA KWALIPIKADONG MAGSASAKA PO AY DAPAT NANINIRAHAN SA ISANG LUGAR NA KUNG SAAN AY MAY 25 O HIGIT PANG BABAING KALABAW NA PWEDENG PALAHIAN. ITO PO AY MAY KAAKIBAT NA KASUNDUANG LALAGDAAN NG PCC AT NG MAGSASAKA NA NAGPAPATUNAY SA PAGSANG-AYON NG MGA KINAUUKULAN SA MGA KONDISYONES NA NAKASAAD DITO.
ANO PO ANG MGA BATAYAN UPANG MAKAPASA PO KAMI?


MGA KINAKAILANGAN MULA SA MAPIPILING TAGAPAG-ALAGA:
1. KAHILINGAN PARA MAKAHIRAM NG BULUGAN
2. KATIBAYAN NG "GOOD MORAL CHARACTER" MULA SA KINAUUKULAN
3. MAY SAPAT NA KAALAMAN AT KARANASAN SA PRAKTIKAL NA ASPETO NG PANGANGASIWA NG KALABAW
4. PAGHAHANDA SA MGA SUMUSUNOD NA PANGANGAILANGAN NG KALABAW:
A) TAMANG PABAHAY O KULUNGAN NA MAY PAKAINAN AT PAINUMAN
B) MAY MAGANDANG DALUYAN NG TUBIG AT MALAPIT NA PAGKUKUHANAN NITO SA KULUNGAN
C) MALAPIT SA PAGKUKUHANAN NG PAGKAIN
5. PAGDALO NG TAGAPAG-ALAGA SA TEKNIKAL NA PAGSASANAY
MGA PAMANTAYAN NA DAPAT MATUGUNAN:
1. IMBENTARYO NG BABAENG KALABAW AT PANGALAN NG MGA NAG-AALAGA NITO SA LUGAR(MAY MAGPAPATUNAY MULA SA MUNICIPAL AGRICULTURE OFFICER O MAO) NA HINDI BABABA SA 25 O HIGIT PANG PALAHIANG KALABAW.
2. KAHANDAAN SA PAGDALO SA MGA PAGSASANAY NG PCC TUNGKOL SA KALUSUGAN, NUTRISYON AT PAG-AALAGA NG KALABAW.
3. KAHANDAANG SUMUNOD SA NILALAMAN NG KONTRATA SA PAGPAPAHIRAM NG BULUGAN.
4. KAHANDAANG AKUIN ANG MGA GASTUSIN SA SEGURO AT PAGDADALA NG BULUGAN SA BAHAY NG TAGAPAG-ALAGA.
ANO NAMAN PO ANG MGA TUNGKULIN NA DAPAT GAMPANAN NG HUMIHIRAM?
DAPAT PO AY MAGLAAN NG AKMANG KULUNGAN PARA SA HAYOP. DAPAT DING MAGBIGAY NG BUWANANG ULAT SA PCC. KUNG SAKALING MAMAMATAY ANG KALABAW, KAILANGAN PO NA MAGSUMITE ANG HUMIRAM NG ILANG KINAKAILANGANG DOKUMENTO SA LOOB NG 30 ARAW. KAILANGAN DIN PO ANG PAGLAGDA SA KONTRATA NA NAGSASAAD NG IBA PANG DETALYE TUNGKOL SA PROGRAMA BILANG PANGHULING TUNGKULIN NA DAPAT NINYONG GAWIN.
KAPAG NAMATAY ANG IPINAHIRAM NA BULUGAN, MAY KAUKULANG PARUSA PO BA?
KUNG ANG PAGKAMATAY O PAGKAWALA AY BUNGA PO NG KAPABAYAAN NG HUMIRAM, TUNGKULIN NIYANG BAYARAN ANG HALAGA NG KALABAW AYON SA NILAGDAANG KASUNDUAN.
MAAARI PO BANG MALAMAN KUNG ANO ANG TUNGKULING GAGAMPANAN NG PCC SA KASUNDUAN?


ANG PCC PO ANG SIYANG KAKATAWAN SA MGA SANGAY NG PAMAHALAAN NA MAY KINALAMAN SA PAGLALABAS AT PAGLILIPAT NG HAYOP. KAAKIBAT DIN NG PROGRAMA ANG PAGBIBIGAY NG PCC NG MGA SERBISYONG PANLABORATORYO NG WALANG BAYAD AT IBA PANG KAALAMAN TUNGKOL SA PAGPAPAKAIN AT NUTRISYON, PAGPAPALAKI AT PAGPAPARAMI, PAGSASANAY SA TAMANG PAG-AALAGA AT KALUSUGAN NG MGA HAYOP AT WASTONG PAMAMAHALA SA BULUGANG KALABAW, REGULAR NA PAGSUSURI AT PAGMOMONITOR NG PROYEKTO AT PAGSUSURI NG MGA REPORT UKOL SA MGA IPINANGANAK NA KALABAW.
PAANO NAMAN PO ANG PARAAN NG PAGBABAYAD?
MAITUTURING NA BAYAD NA ANG PINAHIRAM NA BULUGAN KAPAG UMABOT NA SA 25 ANG MGA NAGING ANAK NITO. DAPAT NA MAIPAKITA ANG KATIBAYAN, TULAD NG LARAWAN NG BULO NA NAGING LAHI NG BULUGANG KALABAW, PAGPAPATUNAY MULA SA MUNICIPAL AGRICULTURIST, CITY O PROVINCIAL VETERINARIAN, LIVESTOCK INSPECTOR O TECHNICIAN NG PCC.
ANO NAMAN PO ANG PLANO NG PCC SA MGA MAGIGING ANAK NG IPINAHIRAM NA BULUGAN?
ANG MGA MAGSASAKA NA NAGKAROON NG MGA MESTISO O MESTISANG KALABAW AY TUTULUNGANG BUMUO NG MGA GRUPO O ASOSASYON PARA MAGABAYAN SA PAGTATATAG NG MGA KABUHAYANG SALIG SA KALABAW.


MAY AASAHAN PO BA KAMING TULONG SA MAS IKABUBUTI LALO NG PAG-AALAGA SA MGA BULUGANG ITO?
ANG PCC PO AY MAGKAKALOOB NG LIBRENG SERBISYO TULAD NG PAGSASANAY O SEMINAR TUNGKOL SA WASTONG PANGANGALAGA AT PAGPAPAKAIN NG BULUGAN, PAGPAPANATILI NG MAGANDANG KALUSUGAN NITO, AT PAG-ASISTE SA INYO KUNG PAANO MAS LALONG MAPABUTI ANG PAGPAPALAHI NG KALABAW.
NAKAKATUWA NAMAN PO ANG PROGRAMANG ITO NG PCC. MAY MGA KAIBIGAN AT KAMAG-ANAK DIN PO AKO SA VISAYAS AT MINDANAO AT SILA RIN PO AY MAY MGA ALAGANG KALABAW. PAPAANO PO SILA MAKAKAHINGI NG TULONG GAYONG MALAYO PO SILA RITO SA INYONG PUNONG TANGGAPAN?
MAGANDANG TANONG YAN, KA PEDRO. ANG PCC AY MAY LABINTATLONG SANGAY SA BUONG PILIPINAS. ETO PO ANG TALAAN NG ATING MGA SANGAY KASAMA ANG KANILANG ADDRESS AT CONTACT NUMBERS. MAARING PUNTAHAN O KONTAKIN NG INTERESADONG MAGSASAKA ANG MGA NAKALISTANG SANGAY DYAN KUNG SAAAN SILA PINAKAMALAPIT.
TALAGA PO PALANG MAINAM ANG LAYUNIN NG PROGRAMA NINYO PARA SA AMING MGA MAGSASAKA. AT DAHIL MAY MGA SANGAY PA ANG PCC SA BUONG PILIPINAS AY TIYAK NA MAS MARAMING MGA MAGSASAKA ANG MATUTULUNGAN NG PROGRAMANG ITO.


SALAMAT DIN PO SA INTERES NINYO SA PROGRAMANG PAGPAPAHIRAM NG BULUGAN. SANA PO AY MAGING DAAN ANG PCC UPANG LALO PANG MAPABUTI ANG INYONG KABUHAYAN. HUWAG PO KAYONG MAG-ATUBILI NA MULING LUMAPIT SA AMING TANGGAPAN KUNG MAYROON PA KAYONG MGA KATANUNGAN.
MAKAKAASA PO KAYO. MARAMING SALAMAT PO!
MAAARI DIN PO KAYONG MAKASALI SA PROGRAMANG PAGPAPAHIRAM NG BULUGAN SA PAMAMAGITAN NG MGA LOCAL NA PAMAHALAAN. MAAARI SILANG MAG-ENDORSO SA PCC NG MGA KWALIPIKADONG MAGING TAGAPAG-ALAGA NG BULUGAN.
SALAMAT PO SA IMPORMASYON NA YAN. PUPUNTAHAN KO PO ANG MGA KAPWA MAGSASAKA SA BARANGAY NA MAYROON DING KALABAW AT BABALITAAN NAMIN ANG MGA KAMAG-ANAK NAMIN SA IBANG LUGAR. TIYAK NA MATUTUWA SILA SA MAGANDANG BALITA NA HATID KO.
NANG PAUWI NA SILA. . .
PARENG JOSE, BIGLA AKONG NABUHAYAN NG LOOB. SALAMAT SA PAGSAMA MO SA AKIN SA PCC. SIGURADONG MAS MARAMING MAGSASAKANG TULAD NATIN ANG MATUTUWA PAG NALAMAN NILANG MAY GANITONG SERBISYO ANG GOBYERNO PARA MAGKAROON SILA NG DAGDAG NA KITA.
WALANG ANUMAN, PARE.
WAKAS

# MGA SANGAY NG PCC

**DIR. GRACE MARJORIE R. RECTA**
PCC at Mariano Marcos State University,
Batac City, Ilocos Norte
Tel. No.: (63) 077.792.3187 | CP No.: 0927.965.5724
E-mail: gmrrecta@yahoo.com | pccmmsu@gmail.com

**DIR. FRANKLIN T. RELLIN**
PCC at Cagayan State University
Tuguegarao City, Cagayan
CP No.: 0917.688.6321
E-mail: pccpiat07@yahoo.com

**DIR. GLORIA M. DELA CRUZ**
PCC at Don Mariano Marcos Memorial
State University, Rosario, La Union
Tel. No.: (63) 072.712.0118
CP No.: 0928.355.6029 / 0908.864.9975
E-mail: pccdmmmsu95@yahoo.com

**DR. DANIEL L. AQUINO**
PCC at Central Luzon State University
Science City of Muñoz, Nueva ecija
Tel. No.: (63) 044.456.5238
E-mail: pccclsu@yahoo.com

**DR. ARNEL N. DEL BARRIO**
National Headquarters and Gene Pool
Science City of Muñoz, 3120, Nueva Ecija
Philippines
Tel. No.: (63) 044. 4560. 0731 to 34
Fax no.: (63) 044. 4560. 0730
E-mail: pcc-oed@mozcom.com

**DR. THELMA A. SALUDES**
PCC at University of the Philippines
at Los Baños, Laguna
Tel. No.: (63) 049.536.2729
E-mail: pccuplb@gmail.com

**DR. JULIUS V. ABELA**
PCC at Visayas State University
VISCA, Baybay City, Leyte
Tel. No.: (63) 053.563.7649
E-mail: pccvsu@gmail.com

**DIR. ARN D. GRANADA**
PCC at West Visayas State University
Calinog, Iloilo
Tel. No.: (63) 033.320.2445
E-mail: pccwvsu@yahoo.com


**DIR. ARIEL L. ABAQUITA**
PCC at La Carlota Stock Farm
La Granja, La Carlota City, Negros Occidental
Tel. No.: (63) 034.735.0121
E-mail: pcclcsf@yahoo.com

**DR. CARO B. SALCES**
PCC at Ubay Stock Farm
Ubay, Bohol
Tel. No.: (63) 038.518.5598
E-mail: pccusf.ubay@yahoo.com

**DR. CECELIO G. VELEZ**
PCC at Mindanao Livestock Production Complex
Kalawit, Zamboanga del Norte
CP No.: 0918.919.4473
E-mail: cecelio_71@yahoo.com | pcc-mlpc09@yahoo.com

**DR. LOWELL C. PARAGUAS**
PCC at Central Mindanao University
Maramag, Bukidnon
CP No.: 0939.133.9815
E-mail: pccmusuan@yahoo.com

**DIR. BENJAMIN JOHN C. BASILIO**
PCC at University of Southern Mindanao
Kabacan, North Cotabato
Tel. No.: (63) 064.248.2250 | CP No.: 0919.397.0872
E-mail: usm_pcc@yahoo.com



Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED: ISO 9001 | ISO 14001 | OHSAS 18001

National Headquarters and Gene Pool
Science City of Muñoz, 3120, Nueva Ecija
Philippines
Tel. No.: (63) 044. 456. 0731 to 34
Fax no.: (63) 044. 456. 0730
E-mail: pcc-oed@mozcom.com
pcc-oed@yahoo.com

www.pcc.gov.ph